## APPLICATION

- Ano ang mga bagay na sumusubok sa tiwala mo kay Jesus? Manalangin sa Diyos at humingi ng tulong para magawa mong manindigan sa iyong pananampalataya nang walang kompromiso.
- Alalahanin ang mga tagumpay at katapatan ng Diyos sa buhay mo. Paano mapapalakas ang loob mo ng katapatang ipinakita Niya dati sa gitna ng mga paghihirap at pagsubok?
- Sino sa mga taong malapit sa ‘yo ang kasalukuyang dumadaan sa pagsubok? Paano mo ipapaalala sa kanya ang mas maganda at walang hanggang kayamanang mayroon tayo kay Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus sa pagtitiis Niya ng matinding paghihirap para sa atin. Pasalamatan din Siya sa pananampalatayang nagbibigay ng kalakasan para pagtagumpayan ang mga pagsubok at ng katiyakan na mayroon tayong higit na mas magandang matatanggap mula sa Kanya.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang magtiwala kay Jesus lamang para patuloy kang mamuhay nang may pananampalataya na hindi batay sa kung ano ang nakikita. Hilingin din na tulungan kang talikuran ang pagtitiwala sa mga makamundong bagay habang dumaraan ka sa mga pagsubok.
- Ipanalangin na makatulong ka sa mga taong may pinagdadaanang pagsubok. Ipanalangin na maging handa ang kanilang puso at gabayan ka ng Banal na Espiritu habang ipinapangaral mo ang ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# JESUS > Mas Mabuting Kayamanan

WEEK 10

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na pagmamay-ari mo na pinag-ipunan o pinaghirapan mong makuha? Sa palagay mo, naging sulit ba ang lahat ng pagsisikap mo?
- Magbigay ng isang bagay na gusto mong makamit sa taong ito. Ano ang mga pwede mong gawin para mangyari ito?
- Kapag nasa isang sitwasyon ka na pakiramdam mo ay wala nang pag-asa, ano ang ginagawa mo para gumaan ang iyong pakiramdam?

## WORD

[32]*Alalahanin n’yo ang nakaraang panahon, noong una*
*kayong naliwanagan. Dumaan kayo sa matinding hirap,*
*pero tiniis n’yo ito at hindi kayo nadaig.* [33]*Kung minsan,*
*inaalipusta kayo at pinag-uusig sa harapan ng mga tao. At*
*kung minsan nama’y dinadamayan n’yo ang mga kapatid*
*na dumaranas ng ganitong pagsubok.* [34]*Dinadamayan n’yo*
*ang mga kapatid na nakabilanggo. At kahit inagawan kayo*
*ng mga ari-arian, tiniis n’yo ito nang may kagalakan dahil*
*alam ninyong mayroon kayong mas mabuting kayamanan*
*na hindi mawawala kailanman.* **HEBREO 10:32–34**

(Basahin din ang **HEBREO 10:35–38.**)

Ang pagsubok ay isang realidad sa buhay ng bawat mananampalataya. Sa katunayan, isinulat ang aklat ng Hebreo para tulungan sila, palakasin ang kanilang loob at bigyan sila ng malinaw na direksyon para mapagtagumpayan ang bawat pagsubok. Dapat nilang maalala na sa gitna ng kanilang mga paghihirap at pagsubok, hindi nila dapat bitawan ang pagtitiwala kay Cristo dahil sa Kanya, may *mas mabuting kayamanan* na nakalaan para sa kanila. Ano ang mga aral na maaaring mapulot mula rito?

## 1 Makakaya nating magtiis dahil mayroon tayong mas mabuting kayamanan na hindi mawawala kailanman.

*[32]Alalahanin n'yo ang nakaraang panahon, noong una kayong naliwanagan. Dumaan kayo sa matinding hirap, pero tiniis n'yo ito at hindi kayo nadaig. [33]Kung minsan, inaalipusta kayo at pinag-uusig sa harapan ng mga tao. At kung minsan nama'y dinadamayan n'yo ang mga kapatid na dumaranas ng ganitong pagsubok. [34]Dinadamayan n'yo ang mga kapatid na nakabilanggo. At kahit inagawan kayo ng mga ari-arian, tiniis n'yo ito nang may kagalakan dahil alam ninyong mayroon kayong mas mabuting kayamanan na hindi mawawala kailanman.*

**HEBREO 10:32–34**

Nagawang tiisin ng mga mananampalataya ang iba't ibang uri ng paghihirap at pagsubok tulad ng pang-iinsulto, pag-uusig, pagkakakulong, pagkuha ng kanilang mga ari-arian, at maging ang panganib ng kamatayan alang-alang sa ebanghelyo. Ito ang dahilan kung bakit pinupuri sila ng manunulat ng Hebreo dahil sa kanilang pananampalataya at ipinapaalala sa kanila na may mas dakila silang realidad na inaasahan—ang mas mabuti at walang hanggang kayamanan kay Cristo. Ang kayamanang ito ay bahagi ng espirituwal na yaman ng bawat Kristiyano: kapatawaran ng ating mga kasalanan, pagiging matuwid sa harapan ng Diyos, buhay na walang hanggan, at marami pang iba. Kaya't ang ating pananampalataya sa Diyos at ang ating paghihirap ay hindi kailanman masasayang. Sa gitna ng mga paghihirap at pagsubok, paano mo ipinapaalala sa iyong sarili ang pagkakaroon ng pananaw na nakatuon sa langit?

## 2 Makakaya nating magtiis dahil mayroon tayong malaking gantimpala.

*[35]Kaya huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Dios, dahil may malaking gantimpalang nakalaan para sa inyo. [36]Kailangan ninyong magtiis para masunod n'yo ang kalooban ng Dios, at matanggap n'yo ang ipinangako niya.* **HEBREO 10:35–36**

Sa panahon na sobrang pinanghihinaan na ng loob ang mga mananampalataya at halos sumuko at bumalik na sila sa dati nilang pamumuhay, hinimok sila ng manunulat ng Hebreo na huwag talikuran ang kanilang pagtitiwala kay Cristo, dahil may malaking gantimpala na naghihintay sa kanila. Makakaya nating magtiis kapag alam natin na may naghihintay na gantimpala mula kay Cristo. Makakaya natin na magpatuloy nang may pag-asa, pananampalataya, at pagtitiwala dahil ang Diyos ay tapat at bibigyan Niya ng pansin ang pagtitiis, kasipagan, at pagtitiyaga ng Kanyang mga anak. May saysay ba talaga ang hindi pagtalikod sa pagtitiwala natin kay Jesus? Naranasan mo na ba ito sa buhay mo?

## 3 Makakaya nating magtiis dahil babalik si Jesus.

*[37]Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, "Sandaling panahon na lang at darating na siya. Hindi na siya magtatagal. [38]At mabubuhay ang taong itinuring kong matuwid dahil sa pananampalataya niya. Ngunit kung tumalikod siya sa akin, hindi ko na siya kalulugdan."*

**HEBREO 10:37–38**

Ang manunulat ng Hebreo ay itinutuwid ang pananaw: kakayanin natin na magtiis hindi dahil madali ang buhay, kundi dahil nakatuon ang ating pag-asa sa walang hanggan. Ang mga pagsubok ay maaaring makaapekto ng hindi maganda sa ating pananaw, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya. Tulad ng mga atletang tumatakbo sa mahahabang karera na matiyagang nagpapatuloy at umaasa sa bawat hakbang na sila ay papalapit na sa dulo, ganoon din tayong mga mananampalataya kay Cristo, handang tiisin ang bawat pagsubok na may pananampalataya at buo ang pananalig na Siya ay muling babalik at tayo'y mananahan magpakailanman sa piling ng Diyos. Paano tayo matutulungan ng katotohanang ito para magpatuloy at hindi sumuko't lumayo kay Cristo?